Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG IKA-6 NA KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN (ANNEX), IKA-LIMANG PALAPAG NG BAGONG GUSALI NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS NOONG IKA-08 NG AGOSTO, 2022.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo ng Hapag |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III | " |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE | " |
| KGG. VICTORINO M. ALDABA III | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

HINDI NAKADALO:

| | |
|---|---|
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | Kasangguni |

---

**KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 95-2022**

**ISANG KAPASIYAHANG PANLUNGSOD NA NAGGAGAWAD NG "SPECIAL USE PERMIT" SA FLEX FUEL PETROLEUM CORPORATION PARA SA KANILANG ITATAYONG GAS STATION SA LUPANG PAG-AARI NI BB. DOLORES E. ALINCASTRE, MAY TITULO BILANG TCT NO. 039-20210115538 NA MATATAGPUAN SA BLAS OPLE ROAD, BARANGAY BULIHAN, LUNGSOD NG MALOLOS, BULACAN.**

**AKDA NI: KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA**
**KAMAY-AKDA: KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III, KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KGG. MICHAEL M. AQUINO, KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE, KGG. VICTORINO M. ALDABA III, KGG. EMMANUEL R. SACAY, KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KGG. DIONISIO C. MENDOZA at KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**

**SAPAGKAT**, si G. Anthony Bernard C. Sales, Ingat Yaman ng *Flex Fuel Petroleum Corporation*, ay nahain ng aplikasyon sa Sangguniang Panlungsod na humihiling na mapahintulutan na makapagtayo ng proyektong Gas Station na matatagpuan sa Blas Ople Road, Barangay Bulihan, Lungsod ng Malolos, Bulacan;

**SAPAGKAT**, ang *Special Use Permit (SUP)* ay pangunahing rekisito sa pagtatayo ng gas station sa ating lokalidad, ito ay ipinagkakaloob ng Sangguniang Panlungsod sa pamamagitan ng isang pinagtibay na kapasiyahan matapos ang masusing pag-aaral sa aplikasyon batay sa itinatadhana ng *CITY ORDINANCE NO. 67-2020, AN ORDINANCE UPDATING AND AMENDING CITY ORDINANCE NO. 07-2013 ALSO KNOWN AS "AN ORDINANCE AMENDING SECTION 4 OF ARTICLE VIII OF THE ZONING CODE OF MALOLOS" TO INCLUDE ADDITIONAL INDUSTRIES COVERED BY THE ISSUANCE OF SPECIAL USE PERMIT (SUP) AND PROVIDING FOR CONDITIONS THEREIN";*

**SAPAGKAT**, ang aplikante ay nakapagsumite ng kaukulang dokumento na naaayon sa Seksyon 4 *(Documentary Requirements)* ng Kautusang Panlungsod Blg. 67-2020 kung kay't ito ay naitukoy sa lupon;

**SAPAGKAT**, nagkaroon ng serye ng mga pagdinig upang talakayin at pag-aralan ang mga isinumiteng aplikasyon at nagkaroon din ng kahilingan at atas na mapag-aralan ng mga Pinuno ng Tanggapan ang mga isinumiteng dokumento at plano ng aplikante at kung ito ba ay sapat upang mabigyan ng *Special Use Permit;*

**SAPAGKAT**, nagkaroon din ng tagubilin sa mga Pinuno ng Tanggapan patungkol sa aplikasyon na kung mayroong nakitang pagtatama ay direktang ipaabot sa aplikante at bigyan ng sipi ang Sangguniang Panlungsod;

**KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA**
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KASANGGUNI — KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III, KASANGGUNI — KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KASANGGUNI — KGG. MICHAEL M. AQUINO, KASANGGUNI — KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KASANGGUNI

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ, KASANGGUNI — KGG. DIONISIO C. MENDOZA, KASANGGUNI — KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KASANGGUNI — KGG. EMMANUEL R. SACAY, KASANGGUNI — KGG. VICTORINO M. ALDABA III, KASANGGUNI — KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE, KASANGGUNI — KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KASANGGUNI

**SAPAGKAT,** ang nabinbing aplikasyong ito ay muling naituloy sa Lupon sa Kabuuan noong ika-11 ng Hulyo, 2022 sa pangunguna ni Kgg. Miguel Alberto T. Bautista, para sa kanyang muling pag-aaral at pagsasaalang-alang;

**SAPAGKAT,** ang Sangguniang Barangay na nakasasakop ng itatayong Gas Station ay nagpapasa ng isang Kapasiyahang Barangay na nag-eendorso at sumusuporta sa naturang proyekto dahil sa kabutihang maidudulot nito sa kanilang mga mamamayan;

**SAPAGKAT,** ang panukalang proyekto ay magdaragdag ng hanapbuhay sa naturang barangay, kaakibat ang karagdagang kita sa kaban ng Pamahalaang Barangay at Pamahalaang Lungsod na magsusulong at magtataguyod ng Kagalingang Panlahat, na batay sa itinatadhana ng Seksyon 16 ng Republic Act No. 7160 o' mas kilala sa taguring Local Government Code of 1991;

**DAHIL DITO,** sa kahilingan ni **Kgg. Miguel Alberto T. Bautista** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat, ay

**IPINASIYA,** gaya ng dito ay ginagawang pagpapasiya, na ginagawaran ng "SPECIAL USE PERMIT" ang Flex Fuel Petroleum Corporation para sa kanilang itatayong GAS STATION sa lupang pag-aari ni Bb. Dolores E. Alincastre, may titulo bilang TCT No. 039-20210115538 na matatagpuan sa Blas Ople Road, Barangay Bulihan, Lungsod ng Malolos, Bulacan;

**IPINASIYA RIN,** na tatlong (3) taon makalipas ang pag-isyu ng nasabing permiso, inaatasan ang aplikante na ipagbigay-alam ang patuloy na pagtalima sa mga pamantayang naaayon sa batas sa kaakibat na kondisyon nito at ang kabiguang maisagawa ito ay ang pagwawalang-bisa ng nabanggit na permiso;

**IPINASIYA PA RIN,** na magkakabisa ang nasabing permiso matapos pagtibayin ang Kapasiyahang ito.

**PINAGTIBAY.**

**KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
KASANGGUNI

**KGG. NIÑO CARLO C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**
KASANGGUNI

**KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE**
KASANGGUNI

***KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

**KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI - ABC President

**KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III**
KASANGGUNI

**KGG. MICHELL M. AQUINO**
KASANGGUNI

**KGG. EDGARDO F. DOMINGO**
KASANGGUNI

**KGG. VICTORINO M. ALDABA III**
KASANGGUNI

**KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**
KASANGGUNI

**KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko, na ang nasabing Kapasiyahang Panlungsod ay pinagtibay ng Sanggunian.

**MA. ROSALIE SP. CRUZ**
**Local Legislative Staff Officer V**
Pansamantalang Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA**
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo ng Hapag

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*08082022